



Muling Pagtatalaga sa Pagbabago ng Paggamit ng Lupa ng Martindale

Buod ng Aming Narinig

Agosto 2017

Proseso ng Konsultasyon sa Komunidad ng Martindale – Agosto 2017

Mga Sesyong Pang-impormasyon: Agosto 15, 5:00 p.m. – 8:00 p.m. (407 dumalo)

Agosto 17, 11:00 a.m. – 3:00 p.m. (87 dumalo)

Online: Agosto 10 – 20, 2017 (185 na mga bisita sa site, 16 na mga sagot)

Sa Hunyo 12, 2017 na Pinagsamang Pagpupulong ng Konseho, iniutos ng Konseho sa Administrasyon ng Martindale na magsagawa ng karagdagang pampublikong konsultasyon pagkatapos na magbigay ng unang pagbabasa sa muling pagtatalaga sa paggamit ng lupa ng Martindale na magpapahintulot para sa muling pagpapaunlad ng maramihang residensiyal na mga yunit ng Attainable Homes. Ito ay isang oportunidad upang palakasin ang relasyon sa pagitan ng Lungsod ng Calgary at mga komunidad ng Martindale, Taradale at Saddle Ridge. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapalano at pakikinig sa mga alalahanin ng mga mamamayan, ang mga kawani mula sa Pagpapalano ng Komunidad (Community Planning) ay mas mabuting naunawaan ang mga alalahanin na maaaring iharap ng publiko sa yugto ng Permiso ng Pagpapaunlad ng proyektong ito.

Ang konsultasyong ito ay nagbigay sa mga stakeholder ng karagdagang pagkakataon upang malaman ang tungkol sa proseso ng pagpapalano ng Lungsod at ibang pormat upang ibahagi ang kanilang mga alalahanin. Dahil ang mungkahing ito ng muling pagtatalaga ng paggamit ng lupa ay nabigyan ng unang pagbabasa ng Konseho nang mangyari ang pampublikong pagdinig noong Hunyo, ang Administrasyon ay nagbigay ng impormasyon tungkol sa kung anong maaasahan sa Setyembre 11, 2017 na pagpupulong ng Konseho.

Bilang bahagi ng isang kaugnay na Panukalang Lumitaw (Motion Arising) sa kung saan ang Administrasyon ay inatasan na makipagtulungan sa mga stakeholder at mga komunidad ng Martindale, Taradale at Saddle Ridge upang bumuo ng mga komprehensibong hakbang upang matugunan ang mga alalahanin sa paradahan, transit at trapiko, ang katugunan na kaugnay sa mga alalahanin sa paradahan at trapiko ay kinolekta. Ang Administrasyon ay mag-uulat na pabalik tungkol sa Panukalang Lumitaw sa Q1 2018.

Disenyo ng Sesyong Pang-impormasyon:

Dalawang mga drop-in sesyon kasama na ang isang paglalakad sa galerya upang tingnan ang impormasyon at isang oportunidad upang maupo sa mga mesa para sa pag-uusap. Ang mga sesyon ay inalok sa dalawang magkakaibang panahon, gabi at araw. Ang aplikante ay naroon din upang sumagot ng mga tanong tungkol sa Attainable Homes. Ang katugunan ay kinolekta sa dalawang mga paraan:

1. Mga grupo sa mesa para sa isang pinadaling pag-uusap na nauugnay sa pagsasangguni ng Konseho sa administrasyon (facilitator, mga tagapagsalin-wika at mga eksperto sa paksa)
2. Mga pormularyo ng katugunan na partikular na nauukol sa Panukalang Lumitaw (Motion Arising)

Ang mga tagapagsalin-wika ay naroon upang magsalin sa mga miyembro ng komunidad sa Punjabi, Urdu at Tagalog. Bilang karagdagan sa Ingles, ang tatlong mga wikang ito ay nakilala bilang ang pinakakaraniwang mga wikang sinasalita sa lugar.



Muling Pagtatalaga sa Pagbabago ng Paggamit ng Lupa ng Martindale

Buod ng Aming Narinig
Agosto 2017

Ano ang Aming Narinig

Lahat ng mga katugunan sa mesa ay sinuri at ang isang buod ng input ay tinipon upang sumalamin sa pagkakaiba-iba ng mga opinyon na ibinahagi ng komunidad. Ang katugunang ito ay ginamit upang gumawa ng mga mataas na antas na paksa. Ang ilan sa mga pangunahing paksa na lumitaw sa lahat ng mga komento ay:

Mataas na Antas na Paksa	Halimbawa	Ang Sagot ng Lungsod
Paggamit ng Espasyo	Ang ilan sa mga tumugon ay nag-aalala sa potensiyal na pagkawala ng berdeng espasyo	Napag-alaman ng Recreation na ang parsela ay kalabisan sa pangangailangan noong 2014.
	Nag-aalala sa akses sa palaruan para sa mga bata at bukas na espasyo para sa mga matatanda.	Ang Preliminaryong Pagtatasa ng Transportasyon ay kailangang isumite ng aplikante at aprubahan ng Pagpapalano ng Transportasyon (Transportation Planning) bilang bahagi ng aplikasyong ito kung saan ang Pagpapalano ng Transportasyon ay hindi nagpakita ng anumang mga alalahanin. Ang Pagtatasa ng Epekto ng Transportasyon (Transportation Impact Assessment) ay hihingiin sa yugto ng Permiso ng Pagpapaunlad.
Mga epekto sa kasalukuyang mga gamit at kalapit na mga istruktura	Mga alalahanin sa densidad tungkol sa maaaring maging epekto ng nadagdagang dami sa umiiral at inaasahang mga paghamon sa paradahan at kasikipan	Isang Preliminaryong Pagtatasa ng Transportasyon ay kailangang isumite ng aplikante at aprubahan ng Pagpapalano ng Transportasyon (Transportation Planning) bilang bahagi ng aplikasyong ito kung saan ang Transportation Planning ay hindi nagpahiwatig ng anumang mga alalahanin. Ang Pagtatasa ng Epekto ng Transportasyon (Transportation Impact Assessment) ay hihingiin sa yugto ng Permiso ng Pagpapaunlad.
	Ang ilan sa mga tumugon ay nag-aalala sa mga epekto ng pagpapaunlad sa Genesis Centre	Ang Genesis Centre ay nasangkot sa mga pag-uusap tungkol sa mungkahi sa paggamit ng lupa.
Proseso ng Lungsod	Mga alalahanin sa mga proseso ng Lungsod kabilang ang; pagbebenta ng	Ang impormasyon na ibinigay sa mga sesyon ng Agosto 2017 ay nagbigay-



Muling Pagtatalaga sa Pagbabago ng Paggamit ng Lupa ng Martindale

Buod ng Aming Narinig

Agosto 2017

	lupa, pagsosona at kung mayroong kakayahan na mag-impluwensiya ng mga desisyon.	linaw sa proseso ng pagpapalano para sa mga residente ng komunidad. Ang mga leksyon na natutuhan batay sa ibinigay na katugunan ay mag-iimpluwensiya sa panghinaharap na pakikipag-ugnayan sa lugar.
--	---	--

Para sa isang detalyadong buod ng input na ibinigay, kabilang ang letra por letrang input, mangyaring tingnan ang buong ulat ng engagement report pabalik dito: <http://engage.calgary.ca/martindale>

Ano ang Aming Itinanong (Pormularyo ng katugunan)

Karagdagan pa sa pag-uusap sa Muling Pagtatalaga ng Paggamit ng Lupa, ang mga kalahok ay hinilingan din na magkumpleto ng isang pormularyo ng katugunan upang magbigay ng impormasyon na espesipiko tungkol sa mga alalahanin sa transportasyon na kaugnay sa Panukalang Lumitaw ng Konseho (Council's Motion Arising). Ang kabuuan na 262 na mga pormularyo ay isinumite.

Kami ay nagtanong: Ano ang inyong mga alalahanin tungkol sa paglalakad, pagbibisikleta, paradahan at transit sa inyong komunidad?

Mataas na Antas na Paksa	Halimbawa
Paradahan	Kakulangan sa espasyo para sa paradahan sa kaganapan sa Genesis Centre. Pagpapaunlad ng pabahay ay gagawa ng mas maraming kotse at magbabawas ng magagamit na mga lugar ng paradahan
Kasikipan	Ang lugar na ito ay masyado nang masikip. Ang labis na trapiko ay gagawa pa ng mas higit pang mga isyu ng trapiko. Mas maraming gusali ay gagawa ng mas higit na kasikipan. Ang traffic circle ng Saddletowne ay napaka-abala na at hindi ligtas.
Paglalakad at pagbibisikleta	Kailangan pa ng mas maraming mga landas

Kabilang sa mga karagdagang paksa na nakilala mula sa pormularyo ng katugunan at online survey at hindi tuwirang kaugnay sa tanong ay: berdeng espasyo, densidad, espasyo para sa Genesis Centre.

Saang komunidad ka nakatira?	Bilang ng mga Tumugon
Martindale	28
Saddle Ridge	15
Taradale	12
Iba	12

Paano narinig ng mga tao ang tungkol sa mga sesyong pang-impormasyon?



Muling Pagtatalaga sa Pagbabago ng Paggamit ng Lupa ng Martindale

Buod ng Aming Narinig

Agosto 2017

- Walong matitingkad na mga karatula sa nakapaligid na komunidad na nakapaskil mula Agosto 1 hanggang 18.
- Ikinoreo sa 13,000 na mga residente ng Martindale, Saddle Ridge at Taradale.
- Pagpapanatiling bukas ng portal para sa input Agosto 10 hanggang 20.
- Kampanya sa social media:
 - Facebook: isang patalastas mula Hulyo 28 hanggang Agosto 17
 - Twitter: isang tweet mula sa @cityofcalgary corporate account at apat mula sa @nextcityyc

Mga Susunod na Hakbang

Pagsasangguni mula sa Konseho: mga komentong kinolekta mula sa mga mesa ng pag-uusap sa mga in-person events na kaganapan at online ay ibinibigay sa pamamagitan ng dokumentong ito at isang karagdagang ulat sa Konseho upang makatulong sa kanilang desisyon tungkol sa panukalang susog sa muling pagtatalaga sa paggamit ng lupa.

Panukalang Lumitaw (Motion Arising): ang katgunan na ibinigay ay susuriin at gagamitin upang bumuo ng isang plano ng trabaho at estratehiya ng pakikipag-ugnayan. Ang Administrasyon ay mag-uulat na pabalik sa Konseho nang hindi lalampas sa Q1 2018 na may mga potensiyal na solusyon at kaugnay na mga gastusin sa badyet.